
# LIGHT MAINTENANCE FACILITY SA HILAGANG CALIFORNIA




Mapang tumutukoy na lokasyon ng piniling lugar sa kahabaan ng paghahanay ng riles sa pagitan ng San Francisco at Millbrae.




Pagbibigay ng konsepto ng piniling lugar para sa LMF.



Ang Northern California Light Maintenance Facility (LMF, Pasilidad ng Magaan na Pagmementina) ay isa sa tatlong pasilidad ng pagmementina ng tren na susuporta sa pangkalahatang California High-Speed Rail System (Sistema ng Napakabilis na Tren ng California). Ang dalawang iba pa ay (1) isang heavy maintenance facility (pasilidad ng puspusang pagmementina) sa Central Valley at (2) isang light maintenance facility (pasilidad sa magaan na pagmementina) sa lugar ng Los Angeles. Ang pagtatalaga ng mga tauhan sa mga LMF na ito sa loob ng 10 taon ay lilikha ng $60 milyon na kita sa paggawa, 800 taon sa trabaho, at $180 milyon sa kalalabasan.

Magsisilbi ang LMF bilang lokasyon kung saan nililinis, siniserbisyuhan, at iniimbak ang mga tren. Magiging punto rin ng serbisyo ito para sa anumang mga tren na nangangailangan ng mga pang-emerhensyang serbisyo ng pagkukumpuni. Isasama sa mga operasyon ng pagmementina ang paglilinis sa loob at labas ng tren, truing (pagbabalik sa tamang kondisyon) ng gulong, pagsusuri, at mga inspeksyon. Magbibigay ang pasilidad ng mga tren at tauhan sa terminal na istasyon ng San Francisco sa simula ng araw. Sa tatlong nagpapatong na shift sa trabaho, mangyayari ang mga aktibidad ng 24 na oras sa isang araw. Karamihan sa mga aktibidad ng pagmementina ay magaganap nang magdamagan, sa pagitan 10:00 pm at 6:00 am.

Ipapatupad ng California High-Speed Rail Authority (Authority) ang mga gawain ng pagpapanatili para sa pagpaplano, paghahanap ng lugar, pagdidisenyo, konstruksyon, mitigasyon, operasyon, at pagmementina ng LMF. Kukumpletuhin din ng Authority ang pagsusuri ng panganib na partikular sa lugar para sa mga indibidwal na gusali ng LMF na may posibleng matataas na konsekwensya ng pagbaha upang malaman kung kailangan pang gumawa ng mga karagdagang hakbang upang bumuo ng katatagan para sa nagbabagong klima.



Halimbawa ng makabagong pasilidad ng pagmementina ng riles: Pasilidad ng pagmementina ng tren ng LEED® SILVER ACE sa Stockton na binuksan noong 2015. *(Mga Larawan: San Joaquin Regional Rail Commission)*